

Pampublikong Update sa COVID-19 – ika-24 ng Abril 2020

UPDATE MULA SA KEMH

Ang mga bagong resulta na natanggap ng KEMH mula sa UK ay lumabas na isang positibong resulta para sa COVID-19, mula sa labing-anim (16) na swabs na nasuri. Sa kabuuan ay mayroon na tayong labingtalong (13) positibong mga kaso.

Tandaan: Kung hindi maganda ang iyong pakiramdam at nakararanas ng sintomas tulad ng sa trankaso at ikaw ay nag-aalala na maaaring ikaw ay may COVID-19, tawagan ang ospital sa numerong 28000. Magbibigay ng abiso ang staff. HUWAG direktang pumunta sa KEMH.

ISANG MENSAHE MULA SA PRIMARY CARE

Nais pasalamatang ng KEMH ang lahat ng pasyente sa pagsunod at pag-adjust sa lahat ng mga pagbabago na kailangan gawin sa ospital; naiintindihan naming kung gaano kahirap ang mga alanganing panahon na ito at kami ay taos pusong nagpapasalamat sa pakikipagtulungan sa amin.

Ang serbisyo ng Primary Care ay bukas pa rin at gusto naming makipagugnayan pa rin sa iyo at sa iyong mga importanteng mga alalahanin sa kalusugan. Ang mga pasyente na nangangailangan ng regular na pagbabantay ay kasalukuyan nang tinatawagan. Gayunpaman, kahit sa pandemic na ito, kailangan ninyong patuloy na makipag-ugnayan sa amin tungkol sa inyong kalusugan. Pakiusap na ipagbigay alam agad sa amin kung ikaw ay may bagong mga bukol at bugbog, mga nunal na nagbabago ng anyo o hugis, mabilis na tibok ng puso, pananakit ng pelvis, abnormal na pagdurugo, kahina-hinalang pagbaba ng timbang o kahit na anong sintomas na iyong ikinakabahala.

Kung meron kang ikinakabahala, pakiusap na tawagan ang ospital sa numerong 28000 sa mga oras ng 8am hanggang 4.30pm, Lunes hanggang Biyernes, at humingi ng appointment mula sa telepono sa isang GP o Nurse Practitioner.

Kung kinakailangan naming ikaw ay makita ng personal, ipapaalam agad naming sa iyo at ukaw ay bibigyan ng isang face to face na appointment, hindi alintana kung nakatira ka sa Stanley o Camp. Pakiusap na huwag ipagwalang bahala ang mga importanteng mga alalahanin sa kalusugan.

Ang pagkakaroon o availability ng mga appointments ay, siyempre, ay nakasalalay sa kung papaano mabubuo ang kasalukuyang sitwasyon, kaya't hinihiling naming sa inyo ang inyong pasensya. Maraming salamat sa inyong patuloy na pag-intindi at suporta.

SUPLAY NG OXYGEN

May oxygen generation plant ang UK Armed Forces para taasan ang suplay ng oxygen sa King Edward VII Memorial Hospital, at para ma-suplayan ang kasalukuyang oxygen concentrator plant.

Idineliver ng isang Royal Air Force C-17 Globemaster ang mga kagamitan sa British Forces South Atlantic Islands bilang kasama sa suporta ng Gobyerno ng UK sa mga Overseas Territories ngayong panahon ng Coronavirus pandemic.

Maraming salamat sa pakikipagtulungan ng mga tauhan ng Armed Forces at sa mga sibilyan at contractors ng Ministry of Defence, kasabay ng engineering department ng Hospital, ang KEMH ay magkakaroon na ng higit pang kapasidad na gamutin ang mga pasyente na may kahirapan sa paghinga.